Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Santa Cruz

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-16 NG SETYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

KAPASIYAHAN BLG. 128-T'98

KAPASIYAHANG PINAPALITAN ANG PANGALAN NG DAANG TSISMOSA SA DAANG PAG-ASA AT DAANG SELOSA SA DAANG F. MANALO NA PAREHONG SAKOP NG BRGY. STO. ANGEL NORTE, SA BAYANG ITO.

SAPAGKA'T, sa ilalim ng Batas Republika 7160 ay binibigyan ng karapatan ang Sangguniang Bayan sa pagpapalit ng pangalan ng mga daang sakop ng pamahalaang lokal sa pakikipag-ugnayan sa National Historical Institute.

SAPAGKA'T, ang pagpapalit ng pangalan ng mga Daang Selosa at Daang Tsismosa ay alinsunod sa kagustuhan at kahilingan ng mas nakararaming mamamayan ng Brgy. Santo Angel Norte, bayang ito;

SAPAGKA'T, layunin nitong makapagbagong-bihis at makawala sa masamang kahulugan ng literal na pangalan ng mga Daang Selosa at Daang Tsismosa sa nabanggit na barangay.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa kagalingang pampamayanan, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Eugenio A. Javier, Jr. at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN : Na pagtibayin ang mga sumusunod na:

KAUTUSANG BAYAN BLG. 04-T'98

KAUTUSANG NAGTATAKDA NG PAGPAPALIT NG PANGALAN NG DAANG TSISMOSA SA DAANG PAG-ASA AT DAANG SELOSA SA DAANG F. MANALO, NA PAREHONG SAKOP NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA.

IPINAG-UUTOS ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna:

SEKSYON I - Na mapalitan ang pangalang Daang Tsismosa sa Daang Pag-asa at Daang Selosa sa Daang F. Manalo, na parehong sakop ng Brgy. Santo Angel Norte, bayang ito, sa ikaaayos ng mga daan o lansangan sa barangay at sa bayan ding ito.

SEKSYON II - Na ang mga bahagi ng mga Kautusang Bayang umiiral na sumisinsay sa itinatadhana ng kautusang ito ay pinawawalang - saysay o bisa.

SEKSYON III - Na ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na ito ay maipaskel sa mga hayag na lugarin sa nilolooban ng labing limang (15) araw.

PINAGTITIBAY.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahan/Kautusang ito ang National Historical Institute, Lungsod ng Maynila, Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan